

Sa mga empleyado at employer

Support fund at leave allowance para sa sapilitang pagbabakasyon dahil sa Covid-19 / Panahon na sakop ng benepisyo / Extended deadline ng aplikasyon

Panahon na sakop at deadline ng aplikasyon

Panahon na walang pasok	Deadline ng aplikasyon	
	Nakaraan	Bago
April	2020. Sept. 30 (Wed.)	2020.12.31 (Thurs.)
May		
June		
July		
Aug.	2020. Nov. 30 (Mon.)	2021.3.31 (Wed.)
Sept.	2020. Dec. 31 (Thurs.)	
Oct.	–	
Nov.	–	
Dec.	–	

※ **Ang araw ng aplikasyon ay sa unang araw ng sumunod na buwan pagkatapos ng bakasyon.** (Hal : Kung Sept. ay wala ng pasok, maaari ng mag-apply ng Oct.1)

Mga dapat tandaan kapag nag-a-apply (Para sa mga may-ari ng negosyo)

- ① **Ang kooperasyon ng mga may-ari ng negosyo ay kailangang-kailangan** sa pagpapatunay ng kaugnayan sa trabaho at katibayan sa panahon na walang pasok.
- ② Dahilan lamang sa aplikasyon sa pagbabayad, **ang pagtanggap at suspensyon sa trabaho, at iba pang hindi pabor na pagbabago sa mga kondisyon sa trabaho ay hindi pinahihintulutan.**
- ③ **Ang numero ng Labor Insurance ay kailangan** sa aplikasyon. Kahit isa lamang ang tauhan sa trabaho, sakop ito ng labor insurance anumang uri o scale ng negosyo, at kailangan itong i-proseso.

Para sa iba pang impormasyon


■ Para sa detalye ng sistema ng allowance, Q&A ukol sa allowance, pag download ng application form, at iba pa

Puntahan ang website ng Ministry ng Health, Labour at Welfare at tignan ang page ng "Support fund at leave allowance para sa sapilitang pagbabakasyon dahil sa Covid-19"
<https://www.mhlw.go.jp/stf/kyugyoshienkin.html>

■ Tawagan ang Ministry ng Health, Labour at Welfare call center

Ministry ng Health, Labour at Welfare Covid-19 Leave Support Fund at Allowance

Tel: 0120-221-276 Mon.- Fri. 8:30 – 20:00 / Sat., Sun., Holidays 8:30 – 17:15

 Ministry ng Health, Labour at Welfare • Prefectural Labour Bureaus


Pangkalahatang ideya ng sistema

Depende sa aktwal na bilang ng araw na nagbakasyon, 80% ng sahod bago nag-leave (pinakamataas na ang 11,000 yen bawat araw) ay babayaran sa mga nakakatugon sa sumusunod na dalawang kundisyon.

- ① Mga empleyado ng maliit at medium-sized na kompanya na nag-leave sa pagitan ng panahon mula Abril 1 hanggang Disyembre 31, 2020 dahil sa instruksyon ng employer.
- ② Sa mga hindi nabayaran ng sahod (leave allowance) sa panahon na nag-leave.

※Para sa mga detalye, mangyaring suriin ang Q&A ukol sa allowance na naka-post sa website ng Ministry ng Health, Labour at Welfare.

Daloy ng aplikasyon



(Note) ..

- Kung mag-aaplay ng leave allowance para sa iba't ibang lugar ng trabaho, kailangan na pagsamasahin ang impormasyon at i-aplay ng isahan lamang. Sa panahon na nag-aaplay ka para sa isang trabaho lang, ang iba pang aplikasyon ay mawawalang bisa.
- Kung hindi makukuha ang kooperasyon ng employer sa paghahanda ng dokumento sa aplikasyon, hihilingin ng prefectural bureau sa employer na mag-report base sa batas, at hindi maipapagpatuloy ang pagsusuri hanggat walang tugon. Samakatuwid, tatagal ang oras mula sa aplikasyon hanggang sa pagbabayad.
- Kung makakatanggap ng benepisyo/allowance ang empleyado dahil sa pandaraya, maaari siyang singilin ng maximum na tatlong beses ng halaga na kanyang natanggap. Bilang karagdagan, kung sinadya at may tumulong sa pandaraya, kailangan nilang bayaran pareho ang halagang natanggap (3x sa mismong halaga na natanggap) at ibunyag ang pangalan ng tumulong sa pandaraya.

Paraan ng aplikasyon (sa pamamagitan ng koreo)

- ① Form ng aplikasyon sa pagbabayad,
- ② Certificate ng kumpirmasyon sa pagbabayad,
- ③ ID (kopya ng driver's license o iba pa),
- ④ Detalye ng bank account (kopya ng atm card o iba pa),
- ⑤ Dokumento na maaaring kumpirmahin ang halaga ng sahod bago at sa panahon ng bakasyon (kopya ng payslip o iba pa).

Ilagay sa sobre ang limang item na isinaad at ipadala ito sa sumusunod na address.

Leave Support Benefits and Leave Allowance In-charge, MHLW
Japan Post Co. Ltd., Kyoto Central Post Office Storage
〒600-8799